**AKTIBIDAD 1**

# Pagiging mahinahon

Basahin ang Mormon 1:2, 15, at isiping markahan ang salitang "mahinahon." (Maaari mong isulat sa iyong mga banal na kasulatan na ang maaaring ibig sabihin ng mahinahon ay mapitagan, seryoso, at maalalahanin.)

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Boyd K. Packer (1924–2015) ng Korum ng Labindalawang Apostol:



> Sa nakaraang ilang taon nakita namin ang pagiging mapitagan at pagiging hindi mapitagan sa Simbahan. Bagama't marami ang dapat purihin, tayo ay nagiging hindi mapitagan. May dahilan tayo para lubos na mag-alala. . . .
>
> Ang kawalan ng pagpipitagan ay nakatutulong sa mga layunin ng kaaway na mahadlangan ang paghahayag na darating sa isipan at espiritu. (Boyd K. Packer, "Reverence Invites Revelation," *Ensign*, Nob. 1991, 22)

- Ano ang ilang bagay na dapat itrato nang may pagpipitagan at pagiging seryoso na tinatrato nang hindi mapitagan ng ilang tao?
- Ano ang ilang paraan na ipinapakita ng Tagapagligtas ang pagiging mahinahon (mapitagan, seryoso, at maalalahanin)?

**AKTIBIDAD 2**

# Pagiging mabilis magmasid

Basahin ang Mormon 1:2 at maaari mong markahan ang pariralang "mabilis magmasid."

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol:



> Kapag mabilis tayong magmasid, agad tayong tumitingin o nakakapansin at sumusunod. Ang dalawang pangunahing bagay na ito—pagtingin at pagsunod—ay mahalaga sa pagiging mabilis magmasid. At kahanga-hangang halimbawa ng paggamit ng kaloob na ito ang propetang si Mormon. (David A. Bednar, "Quick to Observe," *Ensign*, Dis. 2006, 32)

- Anong mga turo ang nahanap mo na makatutulong para maging mabilis na magmasid at sumunod? Bakit?
- Anong payo ang ibibigay mo sa isang kaibigan na nadarama na ang pagsunod sa Panginoon ay makapaghihintay hanggang sa kalaunan sa buhay?
- Sa anong mga paraan naipakita ni Jesucristo ang pagiging mabilis magmasid?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.
PD60013873_893_441-teacher_handout-1
PD60013873_893_441-teacher_handout-2